# Pinagsasama ng Lungsod ng Brampton ang talaan ng ID sa marriage license para gawing mas madali ang proseso para sa mga aplikante

BRAMPTON, ON (Oktubre 21, 2021) – Para gawing mas simple para sa mga indibidwal na mag-aplay para sa isang marriage licence (lisensya sa pagpapakasal), itinigil ng Lungsod ang dalawang talaan ng katanggap-tanggap na ID (primary at sekondarya) at ginawang iisang talaan na nagbabalangkas sa lahat ng katanggap-tanggap na uri ng ID. Dati, ang mga aplikante ay kinailangang mag-produce ng dalawang primaryang ID o isang primary at isang sekondaryang ID.

Umpisa sa Nobyembre 1, kabilang sa katanggap-tanggap na ID na inisyu ng pamahalaan ang:

- Canadian na Pasaporte o Dokumento ng Pagbibiyahe ng Canadian
- Pasaporte mula sa ibang bansa
- Birth Certificate
- Canadian Citizenship Card o Sertipiko
- Driver's Licence
- ID Card na may Litrato na Inisyu ng Pamahalaan
- Card ng Permanenteng Residensya
- Sertipikado ng Indian Status Card
- Nexus Card
- Military ID
- Rekord ng Immigrant Landing
- Balidong Dokumento ng Claimant sa Proteksyon ng Refugee sa Canada

Dapat ding tatandaan ng mga aplikante sa marriage licence ang:

- Dalawang (2) piraso ng ID ang kinakailangan, bawat aplikante
- Ang kapwa piraso ng ID ay kailangamg orihinal (hindi tinatanggap ang sertipikadong mga kopya)
- Ang dalawang piraso ng ID ay kailangang hindi expired
- Isang piraso ng ID ay kailangang may litrato
- Isang piraso ng ID ay kailangang may pirma
- Ang dalawang piraso ng ID ay kailangang magbigay ng legal na pangalan at petsa ng kapanganakan
- Ang mga pangalan at apelyido ay kailangang katugma ng dalawang piraso ng ID (at middle name/inisyal, kung ilalagay ito sa marriage licence)
- Ang sertipiko ng pagpapalit ng pangalan ay kailangang ibigay kung angkop
- Kailangang nasa salitang Ingles o French ang lahat ng ID (alinmang bansa) o may kasamang salin, na sertipikado ng Association of Translators & Interpreters of Ontario.

Para makakuha ng isang marriage licence, kailangang kumpletuhin ng mga residente ang sumusunod na mga hakbang:

1. Mag-iskedyul ng appointment dito.
2. Punan ang aplikasyon sa marriage licence, i-print ito, at tiyakin na ang dalawang aplikante ay pumirma sa aplikasyon (hindi tinatanggap ang digital na mga pirma). Tanging isang aplikante lamang ang pwedeng dumalo sa appointment.

3. Dalhin ang nakumpleto at pinirmahang aplikasyon ng marriage licence, kasama ang lahat ng kinailangang ID at mga dokumento sa diborsyo (kung angkop), sa appointment.

Ang mga residente ay pwedeng bumisita sa website ng Lungsod para sa lahat ng kinakailangan, dahil hindi maiisyu ang isang marriage licence kung kulang ang anumang kinailangang dokumentasyon. Makukuha ang impormasyon sa maramihang wika.

Ang limitadong mga appointment ay available sa panahong ito, at hindi pwede ang walk-in na mga appointment. Nananatiling kanselado sa panahong ito ang mga seremonya ng sibil na kasal.

Bisitahin ang www.brampton.ca para sa karagdagang impormasyon at para mag-book ng appointment sa isang marriage licence.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca